



### Mga Pagbabago sa serbisyo ng Brampton Transit simula Hunyo 28, 2021

BRAMPTON, ON (Hunyo 17, 2021) – Ang sumusunod na mga iskedyul ng Brampton Transit ay i-adjust para mapaganda ang serbisyo simula sa Hunyo 28, 2021, hanggang sa karagdagang abiso para matiyak na ang ating transit system ay mahusay na mapapagalaw ang mga tao sa buong lungsod:

- **17 Howden:** Mga Ini-adjust na iskedyul sa weekday
- **23 Sandalwood:** Mga ini-adjust na iskedyul sa weekday, Sabado at Linggo at itatampok sa ruta na ito ang mga BAGONG De Kuryenteng Bus.
- **115 Pearson Airport Express:** Mga Ini-adjust na iskedyul sa weekday, Sabado at Linggo
- **200-217 i-Ride na mga ruta ng paaralan** at ang mga ekstrang trip ng paaralan sa 4/4A, 7/7A, 9, 21, 32 at 57 ay kinansela

Pakitingnan ang mga iskedyul ng ruta bago magbiyahe. Ang mga oras ng gusali ng terminal sa Bramalea, Brampton Gateway at Downtown Terminals ay 6 AM hanggang 9 PM. Nananatiling sarado ang Trinity Common Terminal. Para sa mga oras ng Customer Service, bisitahin ang [www.bramptontransit.com](http://www.bramptontransit.com).

Ang mga aplikasyon sa pag-renew ng ID ay tinatanggap online. Bisitahin ang [bramptontransit.com](http://bramptontransit.com) sa ilalim ng Fares at punan ang form sa pag-renew ng application. Imi-mail sa inyo ang inyong bagong Senior ID card.

Kailangang gawin nating lahat ang ating parte para mapanatiling ligtas ang ating komunidad. Pakitandaan:

- Mandatory ang mga mask sa mga terminal at habang sakay ng mga bus, kailangang mahigpit ang pagkaka-akma ng mask at tumatakip sa inyong ilong, bibig at baba sa lahat ng oras.
- Panatilihin ang paglayo mula sa iba sa mga terminal at mga bus stop, kahit na nagsusuot ng mask
- Magdala ng inyong sariling disinfectant kapag nagbibiyaha, tulad ng hand sanitizer o wipes, at madalas na hugasan ang inyong mga kamay.
- Kung may sakit kayo, pakiiwasan ang sumakay sa transit. Tiyakin na magpasuri sa pinakamalapit na COVID-19 assessment site at sundin ang mga tagubilin ng public health.

### Mga pangkaligtasang pamamaraan sa COVID-19

Ang dinagdagang iskedyul ng paglilinis at pag-sanitize ay nananatiling ginagawa. Layunin ng Brampton Transit na i-disinfect ang lahat ng matitigas na surface, mga compartment at upuan ng operator kada 48 oras. Ang karamihan sa mga bus ay kasalukuyang sina-sanitize kada 24 oras. Ang mga pasilidad at mga terminal na may matitigas na mga surface ay pinupunasan at sina-sanitize araw-araw



May gabay mula sa Peel Public Health, ang mga rider ay pinaalalahanan na mandatoryo ang pagsusuot ng mga mask sa mga bus at mga terminal. Ang Lungsod ng Brampton ay nakikipagtulungan nang mabuti sa mga partner nito sa Peel Public Health at sa Brampton Emergency Management Office para patuloy na subaybayan ang mga panganib

Bisitahin ang [www.brampton.ca/COVID19](http://www.brampton.ca/COVID19) para sa mga regular na update at bisitahin ang [www.bramptontransit.com](http://www.bramptontransit.com) o sundan ang @bramptontransit sa Twitter para sa mga update sa serbisyo. Ang mga tanong ay maaaring ipaabot sa Contact Centre ng Brampton Transit sa 905.874.2999.

-30-

### **KONTAK NG MEDIA**

Monika Duggal  
Coordinator, Media at Pakikilahok sa  
Komunidad  
Strategic na Komunikasyon  
Lungsod ng Brampton  
905-874-3426 | [Monika.Duggal@brampton.ca](mailto:Monika.Duggal@brampton.ca)